Bilang tugon sa Re-extension ng Priority Measures para sa Pag-iwas ng pagkalat ng Infection (2022.03.04)

Sa pagkakataong ito, ang panahon ng “Priority Measures para sa Pag-iwas sa pagkalat ng Infection” na itinalaga ng Prepektura ng Gifu ay extended hanggang Marso 21

Noong huling bahagi ng Pebrero, ang bilang ng mga bagong infected ng COVID-19 ay nagpakita ng mga palatandaan ng pagtaas, nanatili itong mataas, at ang rate ng pangangailangan ng hospital beds o recuperating/facilities beds ay mataas pa rin.

Hinihiling sa lahat ng mamamayan ng Prepektura na patuloy na ipatupad ang mga Priority Measures para sa Pag-iwas sa pagkalat ng Infection upang maprotektahan ang kanilang sarili, kanilang mga pamilya, at lipunan sa kabuuan.

・Pagkain at Pag-inom：Iwasan ang kumain at uminom kasama ang mga taong hindi karaniwang nakakasalamuha, pati narin sa bahay, iwasan ring kumain at uminom kasama ang malaking grupo at mahabang oras. ※Hanggang 4 na tao sa loob ng 2 oras.

・Pagkilos：Iwasan ang hindi kinakailangan at hindi importanteng paglabas-pasok sa ibang Prepektura hangga’t maaari.

Kasabay nito, ang panahon ng kahilingan para sa pagpapaikli ng Business hours sa mga restawran at pagsuspinde sa pagsisilbi ng mga inuming nakakalasing ay ii-extend din. (Bahagi ng request ay reviewed na.)